Allied Waste Services

Community Newsletter (palibot-sulat pangkomunidad)

ALLIED WASTE SERVICES
A REPUBLIC SERVICES COMPANY

1680 Edgeworth Avenue,
Daly City, California, 94015

Presorted
Standard
U.S. Postage
PAID
Daly City, CA
Permit No.145

Para sa pagsasalin ng pahayagang ito, mangyaring bumisita sa
www.alliedwastedalycity.com/newsletter.cfm

ALLIED WASTE SERVICES

Winter 2011

Serbisyong Pang-Customer
(650) 756-1130
7:00 a.m.—5:00 p.m. bawat weekday
(Monday hanggang Friday).
Patalastas para sa Commercial (pangnegosyo),
Residential (pangtahanan) Service at Recycling.

Serv-U-Debris Box Service (lalagyan ng mga pira-pirasong panapon)
(650) 756-1130

Mussel Rock Transfer Station (pinagsasamahan ng panapon)
Mon—Sat, 8:00 a.m.—5:00 p.m.
Serbisyong Pang-Customer (650) 755-7068

Ox Mountain Landfill (tambakan ng panapon)
(650) 726-4718

Website
www.alliedwastedalycity.com

Recycleworks
Gamit-yaman para sa pagpigil ng pag-aksaya, recycling (paggamit muli ng panapon) at composting (paggawa ng lupa mula sa panapong nabubulok).
(888) 442-2666 www.recycleworks.org

Household Hazardous Waste (mga panapong mapanganib sa kalusugan)
Isinasagawa para sa buong county.
(650) 363-4718
www.smhealth.org/environ/toxic/hhw.html

Sa isyung ito

- Mga serbisyo para sa aming mga parokyano
- Mga Payo sa Pagresaykel sa Holiday
- Iskedyul ng Paghakot sa Holiday
- Pagresaykel/Patnubay sa Basura ng Looban

ALLIED WASTE SERVICES
A REPUBLIC SERVICES COMPANY

Iskedyul SA HOLIDAY

Walang pagbabago sa pangkaraniwang paghakot ng basura at pangresaykel sa panahong ito ng holiday! Mangyaring ilagay ang inyong mga cart sa tabi ng gilid ng bangketa (curbside) sa inyong regular na nakatakdang araw ng paghakot.

Araw ng Pasko (ipinagdiriwang)— Lunes, Disyembre 26

Walang pagbabago sa paghakot ng basura at pangresaykel. Ang opisina ng Allied Waste hauling company ay sarado.

Araw ng Bagong Taon (ipinagdiriwang)— Lunes, Enero 2, 2012

Walang pagbabago sa paghakot ng basura at pangresaykel. Ang opisina ng Allied Waste hauling company ay sarado.

Paghakot ng Punong Pampasko

Ang Paghakot ng Punong Pampasko ay mangyayari sa inyong regular na nakatakdang araw ng serbisyo mula Disyembre 26 - Enero 20.

- Ang punong pampasko ay dapat putulin sa mga bahaging may 4 na talampakan.
- Ang mga patungan, ilaw at dekorasyon ay dapat tanggalin.
- Ang mga punong pampasko na may gayak na artipisyal na niyebe ay hahakutin pero hindi ireresaykel.
- Ang maraming-pamilyang mga residente ay dapat tumawag sa Customer Service upang makipag-ayos para sa paghakot.
- Ilagay ang mga punong pampasko sa cart ng basura ng looban para sa pag-alis.
- Pagkaraan ng Enero 20, mangyaring tawagan ang customer service para sa pagkuha ng punong pampasko. May sisingiling bayad.

MAGING LUNTIAN

SA PANAHONG ITO NG HOLIDAY!

Tinataya na sa pagitan ng Araw ng Pasasalamat at Araw ng Bagong Taon, higit sa 1 milyong tonelada ng karagdagang basura ang nalilikha bawat linggo sa buong bansa.

- **Magbigay ng Kard ng Regalo,** ang mga ito ay pinahahalagahan, hindi natatapos ang bisa, at hindi nangangailangan ng magarang balot.
- **Gumamit ng mga Bag na Muling Nagagamit,** makatutulong kayong bawasan ang bilang ng isang-paggamit, naitatapong bag na ipinamamahagi ng mga nagtitingi.
- **Bigyan ng Bagong Paggamit ang mga Lumang Kard ng Holiday.** Ibigay ang inyong mga lumang kard sa isang alagaan ng bata o sentro ng pag-aalaga sa araw para sa mga proyekto sa sining at yaring-kamay. O, gupitin ang mga kard upang gamitin bilang mga etiketa sa regalo, pangmarka sa libro, kard ng pagbati, patungan sa mesa, o dekorasyon.
- **Iresaykel ang punong pampasko.** Iresaykel ang mga puno sa paraang lokal o gawing mulch para sa konserbasyon ng tubig at pagkontrol ng damong ligaw sa halamanan.
- **Iresaykel ang Packing Peanuts.** Magtanong sa mga lokal na tindahang gumagawa ng paghahatid upang malaman kung tatanggapin nila ang mga foam peanuts para sa pagresaykel.
- **Suriin ang Pressure ng Inyong Gulong.** Tiyakin na ang mga gulong ay may wastong dami ng hangin upang pabutihin ang pagtitipid sa gasolina at magmaneho nang ligtas.
- **Bumili ng Lokal na Produkto**. Ang pagpili ng mga pagkaing napapanahon, at hindi galing sa isang tropikal na klima, ay mas mabuti para sa kapaligiran. Isaalang-alang ang mga produkto mula sa isang lokal na pamilihan ng mga magsasaka.
- **Umalis sa Listahan ng Pagpapakoreo.** Dinadagsa ng mga katalogo sa holiday na natatanggap sa koreo? Hilingin na alisin ang iyong pangalan/direksiyon mula sa mga listahan ng pagpapakoreo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa http://www.dmachoice.org/" Direct Marketing Association. Ang isang maliit na $1 fee ay nagtatanggal sa iyong pangalan/direksiyon ng hanggang tatlong taon.

Tawagan ang Allied Waste Services *para sa lahat ng inyong mga pangangailangan sa paghakot!*

Mangyaring tandaan na tawagan kami o bisitahin ang gaming website kung kayo ay may mga tanong, mungkahi o ikinababahala sa serbisyo. Lagi kaming naghihintay ng puna ng parokyano upang mapabuti ang inyong karanasan na may kaugnayan sa paghakot. Ngayong nalalapit na ang 2012, ito ay magandang panahon upang ipagunita sa mga parokyano ang mga serbisyong makukuha sa buong taon:

Mga Serbisyong May Kaugnayan sa mga Ibinababa:

Ang Allied Waste Services ay tumatanggap ng mga bateryang pambahay, mga TV at E-waste na ibinababa sa aming opisina (1680 Edgeworth Ave, Daly City) 8:00 am – 5:00 pm, Lunes-Biyernes.

May fee sa mga iniresaykel na electronics at E-waste. Ang Daly City City Hall ay mayroon ding sisidlan para sa mga ibinababang baterya na matatagpuan sa labas ng Opisina ng City Hall Cashier sa 333 90th Street.
Hindi kailangan ng appointment.

SERBISYONG Debris BOX:

Ang Allied Waste Services ay nag-aalay ng mga sisidlang kahon ng mga labi para sa mga parokyano ng komersiyo at tahanan na may basurang higit sa magagawang hakutin sa regular na paghakot o mga taunang paglilinis. Bisitahin kami sa: www.alliedwastedalycity.com at kumpletuhin ang "Request for Quote" na order form. Ang isang kinatawan ng Allied Waste ay tatawag sa inyo bago lumampas ang 5:00 pm sa kaparehong araw upang magbigay sa inyo ng presyo at upang magtakda ng serbisyo. * O maaari ninyong tawagan kami sa (650) 756-1130 upang makatanggap ng presyo sa telepono.

** Kung ang order ay isinumite pagkaraan ng 3:00 p.m. ng Biyernes, sa mga araw ng Sabado at Linggo o piyesta opisyal, ang isang kinatawan ng serbisyo sa parokyano ay tatawag sa inyo sa susunod na araw ng trabaho.*

Mga CFL at Baterya: Ilabas ang mga ito nang tama!

Ang Allied Waste Services ay tumatanggap ng mga pambahay na baterya, compact fluorescent lights (CFLs) at mga oil filter sa gilid ng bangketa – pero maipagkakaloob lamang ang serbisyong ito kung ang mga bagay ay wastong inilabas para sa pagkulekta. Ang aming mga trak ay nagtataglay ng mga indibidwal na sisidlan na idinisenyo para sa bawat isa ng tatlong naireresaykel, na siyang dahilan kung bakit napakahalagang ilagay ng mga residente ang mga ito sa mga nakahiwalay na bag at sa tamang lugar sa cart ng pagresaykel. Hindi pinaghihiwalay ng Allied Waste ang mga materyal sa pamamagitan ng kamay para sa pagresaykel at dahil dito ay maaaring hindi makulekta ang mga bagay kung magkakahalo.

TANDAAN NA:

- Ilagay po lamang ang mga pambahay na baterya, mga CFL at oil filter sa nakahiwalay, malinaw, uring "zip-lock" na mga bag.
- Angkop na tatakan ang bawat bag upang madaling makilala ng inyong drayber kung ano ang inyong ireresaykel.
- Ilagay ang mga indibidwal na bag sa lid ng inyong cart ng pagresaykel para sa pagkulekta.

Kung may mga katanungan kayo tungkol sa serbisyong ito, bisitahin po lamang ang aming website: www.alliedwastedalycity.com/residential.cfm o tawagan ang Customer Service sa (650) 756-1130. Salamat po sa pagresaykel nang tama!

Itago itong madaling gamitin na panuto pang-recycle at yardwaste sa lugar na madaling maabot sa bahay ninyo para sa *madaliang sanggunian!*

Asul na Recycling Cart

- **Oo** Plastic 1–7
- **Oo** Mga Plastic Bag 4
- **Oo** Mga Bote at Lata
- **Oo** Halo-halong Papel
- **Oo** Salamin
- **Oo** Mga Kahong Pam-Pizza
- **Oo** Panapong Bakal (tumitimbang hanggang 10 lbs na walang kawad o kadena. Dapat maipapasok sa cart)
- **Oo** Mga Bateryang Pantahanan at Compact Fluorescent Lamp (CFL). Ipagsamasama ang mga batterya at CFL sa nakahiwalay na mga masisilip, kagaya ng zip-lock, na plastic bag, lagyan ng angkop na pagsasalarawan at ipatong sa takip ng recycle cart.
- **Oo** Langis Pangsasakyan (ilagay sa tabi ng bangketa, sa loob ng sisidlang isang-gallon, at i-tape nang sarado ng takip). Hagang 2 sisidlang isang-gallon lamang sa bawat pangolekta.
- **Oo** Karton: Laging pantayin at hatiin o tiklupin ang karton upang magkasya sa inyong cart. Kapag ang cart ay puno na, pantayin at iakma ang sukat ng karton upang magkasya sa cart, at saka ilagay ito sa tabi ng cart. Ang inyong drayber ay maaaring humakot ng karton na nakalagay sa tabi ng cart kapag ito ay maaaring magkasya sa loob ng cart. Ang karton na hindi kasya sa inyong cart ay hindi mahahakot. Tawagan ang Serbisyo sa Parokyano sa (650) 756-1130 kung may mga tanong.
- **Hindi**— Basura
- **Hindi**— Mga Incandescent na Light Bulb (pangkaraniwang bumbilya) (ilagay sa cart na pambasurahan)
- **Hindi**— Waxed cardboard
- **Hindi**— Papel na nadumihan ng pagkain (mga papel na plato o napkin)
- **Hindi**— Aklat na Hardback (matigas na harap at likod)
- **Hindi**— Mga blueprint o carbon paper
- **Hindi**— Anumang klaseng Styrofoam
- **Hindi**— Mga itim na plastic
- **Hindi**— Mga Ceramic mug, pang-iinuman na baso, salamin pambitana o panalamin
- **Hindi**— Mga laruan or paso mula sa nursery
- **Hindi**— Mga plastic na timba, basket, kahon, cart o clamshell (may takip parang tulya)

Berdeng Cart na Pang-Yard Waste (panapon mula sa paligid ng bahay)

(Wala ba kayo ng serbisyong pang-yard waste? Tawagan ang Allied Waste sa (650) 756-1130 para simulan ang serbisyo ngayon din!)

- **Oo** Pinutol na Damo
- **Oo** Mga Dahon
- **Oo** Mga Pinutol na Puno at Tanim
- **Oo** Mga Weeds
- **Hindi**— Tira-tirang pagkain, prutas o gulay
- **Hindi**— Dahon ng mga tanim na Palm, Cactus, Bamboo o Yucca
- **Hindi**— Lupa, dumi o bato
- **Hindi**— Plywood o treated wood o kahoy na may pako
- **Hindi**— Basura
- **Hindi**— Bag na Plastic
- **Hindi**— Dumi ng mga Hayop
- **Hindi**— Mga Tree Stump (tuod ng puno)
- **Hindi**— Mga maaring I-Recycle
- **Hindi**— Sanga ng Puno ng lampas sa 4ft. ang haba
- **Hindi**— Sanga ng Puno ng lampas sa 2" ang kapal